



Short Paper

Pananaliksik-Kompetensi ng mga Guro sa Senior High School sa Filipino

John Emil D. Estera

Senior High School Department, Juban National High School, Philippines

ako2emil@gmail.com

(corresponding author)

Felisa D. Marbella

Graduate School, Sorsogon State University, Philippines

felymarbella03@gmail.com

Date received: January 6, 2025

Date received in revised form: May 12, 2025; June 3, 2025; June 7, 2025

Date accepted: July 20, 2025

Recommended citation:

Estera, J. E. D., & Marbella, F. D. (2025). Pananaliksik-kompetensi ng mga guro sa senior high school sa Filipino. *Puissant*, 6, 2872-2897.

Abstract

This study aimed to assess the level of competence of Senior High School Filipino major teachers in teaching Filipino research. A descriptive-survey design was employed, involving 40 teachers from both the province and the city of Sorsogon during the 2021–2022 academic year. Purposive sampling was used to select the participants. A questionnaire adapted from the study of Gomez and Panaligan (2013) served as the primary instrument for measuring research competence and the adequacy of available resources. In addition, interviews were conducted to identify the specific needs of the teachers. Data were collected through Google Forms and analyzed using mean, frequency count, and thematic analysis. The findings revealed the following mean scores for teachers' research competence: Technical Aspects – 4.10 (Competent), Research Components – 3.886(Competent), Preliminary and Supplementary Pages – 3.923(Competent), and Availability of Resources – 3.450 (Satisfied). The primary needs identified by the teachers included seminar-workshops, additional training, institutional support, and access to local references in Filipino. Although the teachers were generally found to be competent, certain areas were identified as needing further development—specifically, problem formulation, literature review, abstract writing, and reference listing. The study recommends the conduct of regular training sessions and the provision of adequate resources. Furthermore, it suggests that the Department of Education (DepEd)



and the Commission on Higher Education (CHED) enhance teacher training programs and offer incentives to promote stronger research practices.

Keywords – Research competence, Filipino Major Teachers, Teachers, Professional Development, Senior High School

Abstrak

Nilalayan ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Pananaliksik sa Filipino sa Senior High School na may espesyalisasyon sa Filipino. Gumamit ng deskriptibong-survey na disenyo at isinagawa sa 40 guro mula sa lalawigan at lungsod ng Sorsogon noong taong panuruan 2021–2022. Gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok. Isang talatanungan na inangkop mula sa pag-aaral nina Gomez at Panaligan (2013) ang pangunahing ginamit na instrumento upang masukat ang kompetensi sa pananaliksik at kasapatan ng mga kagamitang pampananaliksik at iba pang materyales na ginagamit ng mga guro. Bukod dito, nagsagawa rin ng panayam upang matukoy ang tiyak na pangangailangan ng mga guro. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng Google Forms at sinuri gamit ang mean, frequency count, at thematic analysis. Ipinakita ng mga natuklasan ang sumusunod na mean score sa kompetensi ng mga guro sa pananaliksik: Teknikal na Aspeto – 4.10 (May Kakayahan), Mga Bahagi ng Pananaliksik – 3.886 (May Kakayahan), Paunang at Karagdagang Pahina – 3.923 (May Kakayahan), at Kagamitang Magagamit – 3.450 (Nasiyahan). Kabilang sa mga pangunahing pangangailangan ng mga guro ang pagkakaroon ng seminar-workshop, karagdagang pagsasanay, suporta mula sa institusyon, at mas madaling akses sa mga lokal na sanggunian sa wikang Filipino. Bagamat karaniwang masasabing may kasanayan ang mga guro, may ilang aspekto na nangangailangan pa ng karagdagang paglinang, partikular sa pagbuo ng suliranin, pagsusuri ng kaugnay na literatura, pagsulat ng abstrak, at pagtatala ng sanggunian. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagsasagawa ng regular na mga pagsasanay at ang pagbibigay ng sapat na kagamitan. Dagdag pa rito, hinihikayat ang Department of Education (DepEd) at ang Commission on Higher Education (CHED) na paigtingin ang mga programang pangasanay ng guro at maglaan ng mga insentibo upang higit na mapalakas ang kultura ng pananaliksik.

Susing-salita – Kasanayan sa pananaliksik, Guro sa Filipino, Guro, Senior High School, Professional Development, Senior High School

INTRODUKSYON

Ang pananaliksik ay itinuturing na mahalagang susi sa pagtuklas ng bagong kaalaman at solusyon sa mga suliranin sa lipunan. Malaki ang naitutulong nito sa bawat indibidwal at iba't ibang disiplina, lalo na sa larangan ng edukasyon kung saan ito ay nagsisilbing kasangkapan upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto

(Marbella, 2021). Sa partikular, layunin ng pananaliksik na tukuyin ang mga isyu sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon, magmungkahi ng mga solusyon, at maging daan sa patuloy na pag-unlad ng propesyonal na kakayahan ng mga guro (Ulla, 2018).

Sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ang pananaliksik bilang pundasyon ng kaunlaran. Ayon sa Economic and Social Research Council (2014), binibigyang-diin ng African Institute of South Africa ang mahalagang papel ng pananaliksik sa pag-unlad ng ekonomiya ng kaalaman. Dahil dito, lalo pang pinagtitibay ng akademya ang kahalagahan ng pananaliksik sa pagpapabuti ng edukasyon.

Sa Pilipinas, ang kakayahan ng mga guro sa pananaliksik ay isang makapangyarihang sandata upang matugunan ang mga mahahalagang isyu sa sistemang pang-edukasyon, isulong ang inobasyon sa pagtuturo, at mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Bilang mga tagapaghatid ng kaalaman at hugis ng hinaharap na henerasyon, mahalaga ang papel ng mga guro bilang mga mananaliksik sa paghubog ng isipan ng kabataan at sa panlipunan at pang-ekonomiyang pag-unlad ng bansa (Santos & Cruz, 2022).

Kaugnay nito, sinusuportahan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at ng Commission on Higher Education (CHED) ang pagsasagawa ng pananaliksik bilang bahagi ng propesyonal na pag-unlad ng mga guro (Ulla, 2017). Isa sa mga hakbang nito ay ang pagsasama ng pananaliksik bilang hiwalay na asignatura sa Senior High School, partikular sa mga akademikong strand. Ito ay bahagi ng implementasyon ng 20 taong batayang edukasyon alinsunod sa DepEd Order No. 43, s. 2013, na naglalayong makabuo ng mga mag-aaral na handa sa produktibong trabaho, pagnenegosyo, mas mataas na edukasyon, at may malikhaing at kritikal na pag-iisip.

Bilang suporta sa pagpapalaganap ng kultura ng pananaliksik, inilunsad ng DepEd ang iba't ibang polisiya tulad ng DepEd Order No. 13, s. 2015, na nagtatag ng sistematikong proseso para sa pagpapaunlad ng mga patakaran batay sa ebidensya. Kasunod nito, ipinatupad ang mga patakarang nagbibigay ng pinansyal na suporta at gabay para sa mga mananaliksik (DepEd Orders 43, s. 2015; 4, s. 2016; 39, s. 2016; at 16, s. 2017). Layunin ng mga ito na hikayatin ang mga guro na lumahok sa pananaliksik at itaas ang kalidad ng edukasyon.

Gayunpaman, kinikilala na hindi madaling isakatuparan ang makabuluhang pananaliksik, lalo na sa wikang Filipino. Ayon kina Demeterio at Felicilda (2015), ang pananaliksik sa Filipino ay dapat magsimula sa diwang makabayan—isang pananaliksik para sa bayan at para sa mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga inisyatiba ng pamahalaan at institusyong pang-edukasyon, patuloy pa rin ang mga hamon ng mga guro sa pampublikong paaralan sa pagsasagawa ng pananaliksik, tulad ng kakulangan sa kasanayan at kagamitan. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kompetensi ng mga gurong nagtuturo ng pananaliksik sa Filipino sa

Senior High School. Partikular na susuriin ang lebel ng kanilang kompetensi sa tatlong aspeto: una, ang aspektong teknikal; ikalawa, ang iba't ibang bahagi ng pananaliksik; at ikatlo, ang kaalaman sa pagbuo ng pauna at mga karagdagang pahina. Bukod dito, layunin din ng pag-aaral na alamin ang kasapatan ng mga kagamitang pampananaliksik at iba pang materyales na ginagamit ng mga guro. Panghuli, tatalakayin din sa pag-aaral ang mga pangangailangan ng mga guro sa Senior High School upang higit nilang matamo ang inaasahang antas ng kompetensi sa pagtuturo ng pananaliksik sa Filipino. Dagdag pa rito, ang pag-aaral na ito na punan ang isang mahalagang kakulangan sa mga pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa kakulangan ng empirikal na datos tungkol sa kompetensi ng mga guro sa pagbuo ng pananaliksik sa Filipino.

REBYU NG LITERATURA

Pananaliksik-kompetensi ng mga Guro

Kinakailangan na ang mga guro ay may sapat na kakayahan sa pananaliksik dahil sila ang pangunahing tagapagpaunlad ng kaalaman at impormasyon ng mga mag-aaral. Bilang mga nangunguna sa pagtuturo, mahalaga na patuloy nilang pagyamanin ang kanilang kaalaman, kasanayan, at kakayahan sa larangan ng edukasyon.

Isa sa mga mahahalagang kakayahan na dapat taglayin ng isang guro ay ang kasanayan sa pananaliksik. Pinagsasama nito ang edukasyon, kasanayan, karanasan, at kaalaman ng guro upang magamit ang mga ito nang epektibo sa pagtupad ng mga gawain (Abu-Rumman & Alheet, 2019; Van den Berg, 2002). Bagamat maaaring matutunan ang mga kasanayan sa pamamagitan ng pagsasanay, ang ilang kakayahan ay likas sa isang tao. Kabilang sa pinakamahalagang katangian ng magagaling na mananaliksik ang kritikal na pag-iisip at tiyaga. Dahil dito, nararapat na bigyan ng mas malaking pansin ng mga unibersidad ang proseso ng pananaliksik at maglaan ng espesyal na pondo upang suportahan ang siyentipikong pananaliksik (Abu-Rumman & Alheet, 2019).

Ang kakayahan ng mga guro ay iniuugnay din sa pagtanggap sa Basic Education Research Agenda ng Department of Education. Dito, natukoy ang kasanayan at kakayahan sa pananaliksik bilang isa sa mga pangunahing kinakailangan ng mga guro. Binibigyang-diin ng Republic Act No. 9155 ang mahalagang papel ng pagsasagawa ng pambansang pananaliksik at pag-aaral sa edukasyon. Ayon kina Ivanenko et al. (2015), ang kakayahan sa pananaliksik ng mga guro ay binubuo ng apat na bahagi: (1) motivasyonal na halaga, (2) metodolohikal na pagninilay, (3) operasyonal na gawain, at (4) emosyonal-volitibong aspeto.

Ayon naman kay Aghaie (2006), ang mga pangunahing kakayahan ng guro ay kinabibilangan ng: (1) kaalaman at paggamit ng iba't ibang teknik sa pag-iisip; (2) paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto; (3) pamamahala ng

klase at espesyal na kasanayan sa komunikasyon sa mga estudyante; (4) kakayahang gumamit ng teknolohiya sa komunikasyon at impormasyon sa loob ng klase; (5) kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik; at (6) kakayahang tasahin ang tagumpay ng mga mag-aaral. Makikita dito na kabilang ang kakayahan sa pananaliksik bilang mahalagang bahagi ng pagiging guro. Tinukoy naman nina Mendez at Delgado (2010) ang siyentipikong kakayahan na kaugnay ng pananaliksik, tulad ng pag-unawa sa mga kontekstual na isyu, komunikasyon, pagmomodelo, sariling pagsusuri, at pagtutulungan. Kabilang din dito ang mga didaktikong hakbang tulad ng pagbabasa, paggamit ng mga kasangkapan upang kilalanin ang mga naunang teorya, at pagsasagawa ng mga eksperimento upang hasain ang kakayahan sa pagmamasid, pagpapaliwanag, at paghula.

Ayon kay Caliwan-Fuentes (2019), ang kasanayan sa pananaliksik ay tumutukoy sa kaalaman at kakayahang kinakailangan upang magsagawa ng pananaliksik, na maaaring matutunan at mapalawak sa pamamagitan ng pormal na edukasyon, seminar, at iba pang karanasan. Kasabay ng pag-unlad sa paraan ng pagtuturo, nakatutulong din ang mga karanasan sa pananaliksik upang mapalawak ang kasanayan at mapabuti ang mga resulta nito.

Sinabi naman ni Catalan (2018) na walang pag-unlad kung walang pananaliksik. Sa pamamagitan ng pananaliksik, natutuklasan, nagagamit, at napapatunayan ang bagong impormasyon, na nagreresulta sa pagbuo ng angkop na mga teknolohiya. Kaya naman, mahalaga ang maayos na programa ng pananaliksik at pag-unlad sa mga institusyong pang-edukasyon. Para sa kapakinabangan ng mga institusyon at kanilang mga kawani, maaaring mapabuti ang pedagogical at administratibong proseso sa pamamagitan ng pananaliksik sa edukasyon. Ang mga lider akademiko na nagnanais magpaunlad ng kanilang institusyon ay nangangailangan ng siyentipikong pananaliksik at sama-samang pagsisikap upang matukoy ang pinakaangkop na metodolohiya ng pananaliksik para sa nais nilang paglago. Isa sa mga epektibong pamamaraan upang mapabuti ang pagtuturo at pamumuno sa paaralan ay ang action research (Albalawi & Johnson, 2022; Kemmis, 2010).

Sa kabuuan, ang pagkakaroon ng sapat na kakayahan sa pananaliksik ay hindi lamang isang pangangailangan kundi isang mahalagang responsibilidad ng mga guro upang mapanatili at mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Sa pamamagitan ng patuloy na paglinang ng kanilang kasanayan sa pananaliksik, nagiging handa ang mga guro na harapin ang mga hamon sa pagtuturo at maging mas epektibo sa paghahatid ng kaalaman. Higit pa rito, ang malalim na pag-unawa at aktibong partisipasyon sa pananaliksik ay nagsisilbing daan upang maitaguyod ang isang makabuluhang pagbabago sa sistema ng edukasyon at makalikha ng mga makabagong solusyon na makakatulong sa pag-unlad ng bawat mag-aaral at ng buong komunidad.

Hamon at Pagsubok sa Pananaliksik ng mga Guro

Kahit mahalaga ang pananaliksik sa edukasyon para sa pag-unlad ng mga guro, may ilang pag-aaral na nagsasabing hindi sila aktibo sa paggawa nito. May mga pag-aaral din na nagpapakita ng iba't ibang hamong kinakaharap nila sa pananaliksik.

Isang halimbawa nito ang pag-aaral ni Ulla (2018) na nagsabing ilan sa mga pangunahing hamon ng mga guro ay ang kakulangan ng suporta mula sa paaralan, kakulangan ng sanggunian, labis na dami ng mga gawain, at kakulangan sa kaalaman sa paggawa ng pananaliksik. Ayon naman kay Sarkar (2014), nahihirapan din ang mga guro sa pagkuha ng pahintulot para sa pangangalap ng datos at sa pamamahagi ng mga survey. Sa pag-aaral nina Feyisa et al. (2022), lumabas na kulang sa pagsasanay ang mga gurong nasa serbisyo, hindi nila naibabahagi ang kanilang karanasan, at kadalasan ay ginagawa lamang ang pananaliksik upang masukat ang kanilang trabaho.

Ipinakita sa pag-aaral nina Anyanwu at Jules (2022) na ang mga hamon sa pananaliksik ng mga guro ay madalas na personal, tulad ng bigat ng trabaho at responsibilidad sa pamilya. Dagdag pa rito, ayon kina Wangdi at Tharchen (2021), kabilang sa mga hadlang ang kakulangan sa kaalaman, insentibo, karanasan, sanggunian, at oras. Natukoy din nina Bullo et al. (2021) ang kahalagahan ng seminar at pagsasanay, at inirekomenda ang pagbawas ng mga gawain ng guro upang makagawa sila ng de-kalidad na pananaliksik. Ayon kay Enerio (2020), bagaman may kaalaman sa pananaliksik ang mga guro, kulang sila sa oras at gabay upang maisagawa ito nang epektibo. Ganito rin ang binanggit nina Feyisa et al. (2022), na nagsabing ang kakulangan sa oras, insentibo, at sapat na kaalaman ay maaaring maging dahilan ng kawalan ng interes ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Sa kabila ng mga hamon, nananatiling mahalaga ang pananaliksik sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro at ng edukasyon. Kaya't dapat tugunan ng mga institusyon at pamahalaan ang mga balakid sa pamamagitan ng sapat na suporta, pagsasanay, insentibo, at oras. Sa ganitong paraan, mapapalakas ang kultura ng pananaliksik at magiging daan ito sa makabuluhang pagbabago sa edukasyon.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Deskribib-sarbey ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral. Ang sarbey na pamamaraan ay ginamit upang ilarawan ang estado ng pananaliksik ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Senior High School.

Ang Respondent

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng apatnapung (40) guro mula sa mga pampublikong paaralan sa probinsya at lungsod ng Sorsogon para sa taong panuruan 2021–2022. Ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, partikular na nakatuon sa pagbuo at/o pagsasagawa ng pananaliksik sa Filipino. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok.

Etika ng Pananaliksik

Tiniyak ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa mga pamantayan ng etikal na pananaliksik. Bago isagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot mula sa kinauukulang opisina ng mga paaralang kalahok sa pag-aaral, gayundin sa mga gurong naging kalahok. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik, ang paraan ng paglahok, at ang kanilang karapatang lumahok o umatras anumang oras nang walang anumang pananagutan o negatibong epekto. Ginawaran ang mga kalahok ng kumpidensyalidad at tiniyak na ang lahat ng impormasyong kanilang ibinahagi ay mananatiling pribado at gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik. Walang sapilitan o pwersahang nangyari sa pagkolekta ng datos. Sinikap ng mananaliksik na igalang ang dignidad, karapatan, at kapakanan ng bawat kalahok sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik.

Instrumento ng Pag-aaral

Ang ginamit na talatanungan sa pag-aaral na ito ay halaw mula sa pananaliksik nina Gomez at Panaligan (2013) at nagsilbing pangunahing instrumento sa pagkuha ng datos hinggil sa kompetensi ng mga guro at kasapatan ng mga kagamitang pampananaliksik. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang bahagi: Una, sinusukat nito ang lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik, na nakabatay sa sumusunod na aspekto: Aspektong Teknikal, Bahagi ng Pananaliksik, at Pauna at Karagdagang Pahina. Pangalawa, tinataya nito ang kasapatan ng mga kagamitan at materyales na ginagamit sa pagtuturo at pagsasagawa ng pananaliksik. Ang instrumento ay isinalin at minodipika sa wikang Filipino upang maging angkop sa konteksto ng pag-aaral at upang mapanatili ang konsistensi sa paggamit ng wikang Filipino sa buong pananaliksik. Dagdag pa rito, isinama rin sa talatanungan ang bahagi ukol sa mga pangangailangan ng mga guro sa Senior High School upang higit na matamo ang kinakailangang kompetensi sa pagtuturo ng pananaliksik.

Pagsusuri ng Datos

Gumamit ang pananaliksik ng weighted mean at pagkaka-ranggo bilang mga istadistikang pamamaraan upang matukoy ang antas ng kompetensi ng mga guro sa mga sumusunod: aspektong teknikal, pangunahing bahagi, at iba pang bahagi ng papel-

pananaliksik. Ginamit din ang mga ito upang suriin ang antas ng kasiyahan ng mga guro hinggil sa kasapatan ng mga pasilidad at kagamitang pampananaliksik. Ang mga nakuhang resulta ay binigyan ng deskriptibong interpretasyon batay sa sumusunod na saklaw ng mean scores:

*Batayan:	4.21 – 5.00	Mataas ang Kakayahan (MK)
	3.41 – 4.20	May Kakayahan (K)
	2.61 – 3.40	Katamtamang Kakayahan (KK)
	1.81 – 2.60	Hindi Gaanong Kakayahan (HK)
	1.00 – 1.80	Walang Kakayahan (WK)

Samantala, sa pagsusuri ng pangangailangan ng mga guro sa Senior High School upang matamo ang kompetensi sa pananaliksik sa Filipino, ginamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga karaniwang tema at kaisipan mula sa kanilang mga tugon.

RESULTA

Lebel ng Kompetensi ng mga Guro sa Pananaliksik ayon sa Aspektong Teknikal, Bahagi ng Pananaliksik, Pauna at mga Karagdagang Pahina

Inilahad dito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakuha ukol sa pananaliksik-kompetensi ng mga guro sa senior high school sa Filipino. Ang lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik ayon sa Aspektong Teknikal.

Talahanayan 1. Lebel ng Kompetensi ng mga Guro sa Pananaliksik ayon sa Aspektong Teknikal

Aspektong Teknikal		Mean	Deskripsyon
Pormat ng pananaliksik		4.18	K
Gramatika at pagbuo ng pangungusap		4.10	K
Organisasyon ng pananaliksik		4.10	K
Kakayahan sa komunikasyon (sa pagsulat at pagsasagawa ng pangangalap ng datos, panayam atbp.)		4.15	K
Kabuuan		4.10	K
*Batayan:	4.21 – 5.00	Mataas ang Kakayahan (MK)	
	3.41 – 4.20	May Kakayahan (K)	
	2.61 – 3.40	Katamtamang Kakayahan (KK)	
	1.81 – 2.60	Hindi Gaanong Kakayahan (HK)	
	1.00 – 1.80	Walang Kakayahan (WK)	

Mapapansin sa Talahanayan 1 ang lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik ayon sa aspektong teknikal. Ang talahayan ay may kabuuan 4.1 na may

deskripsyon na “May Kakayahan” ang mga kalahok sa lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik sa aspektong teknikal.

Ang mga kalahok ay “May Kakayahan” sa pagsunod sa pormat ng pananaliksik na may weighted mean na 4.18. Ibig sabihin ang mga guro ay may ideya sa pormat ng pananaliksik ngunit hindi sapat ang kaalaman sa upang makabuo ng isang makabuluhang pananaliksik. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Anub (2020) nagpapakita na talagang ang mga guro ay may mataas na kakayahan sa pormat ng pananaliksik. Subalit sa pag-aaral nina Formelozza at Pateña (2013), nahihirapan ang ilang guro na lumipat sa bagong pormat ng isang pananaliksik na papel dahil kailangang pag-aralan nila ang paggamit ng istilong APA sa pangkalahatang pormat dahil wala silang masyadong kakayanan sa parehong nakasulat at sa pasalita na mga kasanayan sa komunikasyon, mayroon silang mga problema sa organisasyon ng pananaliksik.

Sumunod ang kakayahan sa komunikasyon sa pagsulat at pagsasagawa ng pangangalap ng datos, panayam atbp. kung saan ay may weighted mean 4.15 na may deskripsyon “May Kakayahan”. Gaano man kawili-wili ang nilalaman na iyong ibinabahagi, kung ang iyong mga kasanayan sa komunikasyon ay hindi maayos, ito ay madalas na isang mahirap na pakikibaka upang ipaalam, impluwensyahan o magbigay ng inspirasyon sa iba (OBIKAS Team, 2020). Ang gramatika at pagbuo ng pangungusap at organisasyon ng pananaliksik ay may weighted mean na 4.1 na may deskripsyon “May kakayahan”. Ang mga guro ay sapat ang kaalaman sa wastong gramatika at pagbuo ng pangungusap upang maging maayos ang pananaliksik. Ayon kina Subasini at Kokilavani (2013), ang mga tao ay kadalasang nakakalimutang bigyan pansin ang pag-aaral sa gramatika, lalo na ang kaniwalang sariling wika upang gamitin ito sa pagsasalita, ngunit kailangang bigyang pansin ang pag-aaral ng gramatika upang pagyamanin ang kagandahan ng kanilang sariling wika. Ang mabisang pagtuturo ng gramatika ay nagsisimula sa kung ano ang alam na ng mga tao tungkol sa gramatika, at nakakatulong ito sa kanila upang gamitin ang kaalaman sa pagsusulat. At ang salita ay mahalagang piliin nng mabuti sapagkat ito isang kasangkapan. Ang mensaheng naisusulat ng malinaw ay nagpapakita ng paggalang at respeto sa tagapakinig upang makabuo ng isang maayos na relasyon (Howes,2018).

Ayon nga sa pag-aaral nina Begunova at Qingyu (2021), ang mga guro ay mga mananaliksik. Nangongolekta sila ng napakalaki at madaming mga datos bawat araw, at mabilis silang nagsusuri at gumagawa ng mga desisyon batay sa datos na ito. Na kung saan di magaling ang mga guro sa datos ngunit ginagawa pa rin nilang pormal ayon sa pangangailangan (Whitman at Kelleher, 2017).

Talahanayan 2. Lebel ng Kompetensi ng mga Guro sa Pananaliksik ayon sa Bahagi ng Pananaliksik

Bahagi ng Pananaliksik		Mean	Deskripsyon
Introduksyon			
Pagsulat ng introduksyon		3.975	K
Pagbuo ng suliraning pananaliksik		3.050	K
Pagbabalangkas ng konseptwal na balangkas		3.750	K
Pagbabalangkas ng hypothesis		3.700	K
Pagkonsepto ng kaugnay na literatura at pag-aaral sa pananaliksik		3.875	K
Pagkukuhaan ng kaugnay na literature at pag-aaral		4.500	MK
Composite mean		3.800	K
Metodolohiya			
Pagbuo ng disenyo ng pananaliksik		3.775	K
Paraan ng paglikom ng datos		3.975	K
Pagpasok ng datos (Data Entry)		3.825	K
Pagkuha ng kalahok ng pag-aaral		4.025	K
Pagbuo ng talatanungan		4.600	MK
Pagkakaayos ng mga salita at pagkakasunod-sunod ng tanong		3.875	K
Paraan ng pagsusuri ng datos		3.700	K
Composite mean		3.964	K
Presentasyon at Interpretasyon ng Datos			
Presentasyon ng mga datos		3.925	K
Interpretasyon/pagsusuri ng datos		3.800	K
Pag-uugnay ng literatura upang mapagtibay ang mga resulta		3.775	K
Composite mean		3.830	K
Paglalagom, Kongklusyon, at Rekomendasyon			
Pabubuod ng resulta		3.900	K
Pagpapahayag ng karagdagang halaga o kahalagahan sa mga umiiral na katotohanan		3.95	K
Pagbubuo ng mga rekomendasyon upang matugunan ang suliranin sa pananaliksik at mga alalahanin na makikita sa pag-aaral		4.000	K
Composite mean		3.950	K
Kabuuan Composite Mean		3.886	K
*Batayan:	4.21 – 5.00	Mataas ang Kakayahan (MK)	
	3.41 – 4.20	May Kakayahan (K)	
	2.61 – 3.40	Katamtamang Kakayahan (KK)	
	1.81 – 2.60	Hindi Gaanong Kakayahan (HK)	
	1.00 – 1.80	Walang Kakayahan (WK)	

Sa kabilang banda, kahit na lumabas sa naging pag-aaral na sa aspektong teknikal ay “May kakayahan” kailangan pa rin ng mga guro ang tamang oryentasyon kung paano gumawa ng pananaliksik at kung paano bumuo ng mga ideya sa paggawa ng isang pananaliksik. Ang mga oryentasyon at seminar ay isang pangangailangan sa pagpapahusay ng pagganap sa trabaho at pagganyak ng mga guro sa larangan (Osamwony, 2016). Linahad ni Espiritu (2006) na kung maalam ang guro sa mga pundamental na pangangailangan ng isang saliksik man lamang ay madali niyang maihahanap ng kasagutan ang mga suliraning kaugnay ng kaniyang pagtuturo.

Sa Talahanayan 2 makikita ang lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik ayon sa bahagi ng pananaliksik. May kabuuan 3.886 na may deskripsyon na “May Kakayahan” ang mga kalahok sa lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik sa pagbuo ng mga bahagi ng pananaliksik.

Sa pagsulat ng introduksyon, may weighted mean na 4.5 sa pagkuha ng kaugnay na literatura at pag-aaral na nangangahulugang may “Mataas ang Kakayahan”. Nagpahiwatig ito na madali silang makahanap ng literatura at pag-aaral sa internet at sa iba pang mga sanggunian nakalimbag. Dahil ang pagsulat ng kaugnay na literatura at pag-aaral ay nangangailangan magpakita ng mahahalagang kasanayan sa akademiko: magsagawa ng pananaliksik, magbasa nang mabuti, mag-analisa at mag-sintesis ng mga teorya at natuklasan, at gumawa ng organisadong argumento tungkol sa katawan ng pananaliksik sa isang paksa.

Sinundan ito ng pagsulat ng introduksyon na may weighted mean na 3.975 at pagkonsepto ng kaugnay na literatura at pag-aaral sa pananaliksik na may weighted mean na 3.875 na parehong may deskripsyon na “May Kakayahan”. Ang matagumpay na pananaliksik ay nailalarawan sa pamamagitan ng malawak na pagbabasa o pagsusuri sa panitikan, kabuuan, malaya sa opinyon o kritikal, orihinalidad, pagkamalikhain at pagiging bago at pagiging epektibo (Bueno, 2016). Tinalakay ni Perfecto (2010) na ang pananaliksik ay nangangailangan ng pagbabasa at pagsusulat. Ang pagbabaasa ng mabuti ng mga materyales at pagtitimbang sa mga kaugnayan ng bawat isa at paghabi ng naturang impormasyon sa sariling ideya ng mananaliksik upang ang pananaliksik ay hindi lamang pagtagpi-tagpi ng mga ideyang tinahi ngunit isang angkop na pagsasama ng mga personal na ideya at propesyonal ebidensya.

Sa bahagi ng metodolohiya, sa pagbuo ng talatanungan nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.6 na may deskripsyon “Mataas ang Kakayahan”. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay mga dalubhasa sa pagbuo at paglalapat ng angkop na kasangkapan sa pangangalap ng datos. Para sa isang nagsisimulang mananaliksik, ang pagbuo ng isang instrumento para sa pag-aaral ay napakakomplikado. Ang pagbuo at pagsubok ng mga talatanungan ay may limang sunud-sunod na hakbang na kasangkot sa pagbabalangkas at pagsubok ng talatanungan: kaligiran ng pananaliksik, pagkonsepto ng talatanungan, pormat at pagsusuri ng datos, at pagtatatag ng bisa at

pagiging maaasahan. Ang sistematikong pagbuo ng mga talatanungan ay kailangang upang mabawasan ang maraming mga kamalian sa pagsukat (Radhakrishna, 2007).

Nakakuha ng weighted mean na 4.025 na may deskripsyon “May Kakayahan” ang pagkuha ng kalahok ng pag-aaral. Nangangahulugan na ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay sapat ang kaalaman sa pagpili ng mga kalahok na kasangkot sa isinasagawang pananaliksik. Ayon kay Martinez-Mesa, et.al. (2016) ang pagpili ng naaangkop na kalahok para sa pag-aaral ay isang napakahalagang bahagi ng proseso ng pag-aaral dahil matutukoy nito ang kalahatang ng resulta ng kailangan na populasyon. Sinundan ito ng paraan ng paglikom ng datos, pagkakaayos ng mga salita at pagkakasunod-sunod ng tanong, pagpasok ng datos, pagbuo ng disenyo ng pananaliksik, at paraan ng pagsusuri ng datos na may deskripsyon “May Kakayahan”.

Sa presentasyon at interpretasyon ng datos, may kabuuang weighted mean na 3.83 at may deskripsyon “May Kakayahan”. Ang interpretasyon at pagsusuri ng datos ng pag-aaral ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.925. Habang ang ng presentasyon ng mga datos na may weighted mean na 3.8 at ang pag-uugnay ng literatura upang pagtibayin ang mga resulta ay nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 3.775. Ang mga ito ay may mga deskripsyon na “May kakayahan”. Ipinahihiwatig na ang mga guro ay may kakayahan sa pagtalakay sa mga resulta ng pag-aaral ngunit kailangan nilang pang pagbutihin ang kanilang mga kasanayan sa kung paano magbigay ng mga kaugnay na literatura na susupporta sa kasalukuyang pag-aaral.

Sabi nga nina Dunn, Harrison at Coombe (2008) itinuring nila na ang pagsusuri ng mga kaugnay na literatura bilang kanilang “learning curve” na tumutulong sa kanila na magkaroon ng karanasan at bagong kaalaman. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit dapat pagbutihin ang paglalahad ng pagsusuri ng mga kaugnay na literatura sa bahagi ng mga mananaliksik sa hinaharap at pag-uugnay nito sa talakayan ng resulta ng datos.

Sa pag-aaral ni Toquero (2020) nakatagpo ang mga guro ng mga kahirapan sa paggawa ng kanilang aksyon riserts, tulad ng sa pagbuo ng rebuy ng literatura at ang konseptwalisasyon ng pananaliksik. Sa bansang Pilipinas, marhinalisado ang mga dyornal na naisusulat sa wikang Filipino lalo pa limitado ang eksposyur ng mga artikulong nasa wikang Filipino sa social media. Dahil sa marhinalisado at hindi natural ang pagtangkilik sa wikang Filipino kulang ang mga limbag na pag-aaral na kasulat sa wikang sarili (Tugano, 2021). Isa din ito sa mga nagiging suliranin kaya’t nahihirapan ang mga gurong mananaliksik sa wikang Filipino sa paghahanap at pag-uugnay ng kasalukuyang pag-aaral sa ibang pag-aaral.

Ang mananaliksik ay kinakailangang maipakita nang wasto ang mga datos pagkatapos gumamit ng ilang pamamaraan sa pangangalap. Bukod dito, ang interpretasyon ay kailangan din. Ang mga datos na nakalap sa pananaliksik ay mananatiling walang kabuluhan kung ang mga ito ay hindi magiging maayos binibigyang kahulugan ng mananaliksik. Ayon kay Katz (2015) ang tama at makabuluhang interpretasyon ng data ay ang susi tungo sa matagumpay na pananaliksik.

Ang paglalagom, kongklusyon, at rekomendasyong bahagi ay may kabuuang weighted mean na 3.95 may deskripsyon na “May Kakayahan”. Ang pagbubuo ng mga rekomendasyon upang matugunan ang suliranin sa pananaliksik at mga alalahanin na makikita sa pag-aaral na may weighted mean na 4.00, may 3.95 weighted mean naman ang pagbubuod ng resulta at pagpapahayag ng karagdagang halaga o kahalagahan sa mga umiiral na katotohanan nakakuha ng 3.95 weighted mean. Ang bahaging ito ng pananaliksik ay napakahalaga. Sinasabi nito sa mambabasa na ito ay dumating sa dulo ng pananaliksik. Pinaghihiwa-hiwalay din nito ang lahat ng tinatalakay ng pananaliksik sa mas madali at sa mas maliit na tipak ng kabuuhan ng pananaliksik (Oden, 2022). Ito ang huling pangunahing bahagi ng pananaliksik, ang mga gurong kalahok ng pag-aaral ay may kakayahan at madali nilang iugnay ang mga natuklasan sa konklusyon at rekomendasyon.

Ang pangkalahatang weighted mean ng lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik sa bahagi ng pananaliksik ay 3.886 na may deskripsyon na “May Kakayahan”. Ang Metodolohiya, Paglalagom, Kongklusyon at Rekomendasyon, Presentasyon at Interpretasyon ng Datos, at Introduksyon. Ang pagkakasunod-sunod ay batay sa weighted mean na 3.964, 3.886, 3.83, at 3.80 weighted mean kung saan ay may deskripsyon na “May Kakayahan” ang mga guro sa mga pangunahing bahagi ng pananaliksik.

Tulad ng binanggit ni Bueno (2016) ang pananaliksik ay tinukoy ni Kerlinger (1973) bilang sistematiko, kontrolado, empirical, at kritikal na pagsisiyasat ng hypothetical prepositions tungkol sa ipinapalagay ugnayan sa pagitan ng mga natural na penomena. Ang pananaliksik ay isang akademikong nangangailangan ng pagsisikap at iba't ibang kasanayan mula sa mga taong nagsasagawa nito.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang komptensi sa paggawa ng iba pang bahagi at karagdagang pahina ng pananaliksik na may kabuuan mean ng 3.923, na nangangahulugang “May Kakayahan”. May kakayahan ang mga kalahok sa pagsulat ng dahon ng pagpapatibay, pasasalamat o pagkilala, talaan ng talahanayan at pigura, abstrak at sanggunian dahil ito ang mga huling bahagi sa pagsulat ng pananaliksik. Ang weighted mean ay 3.9, 3.99, 3.99, 3.97, 3.84, at 3.84 batay sa pagkakasunod-sunod ng pauna at karagdagang pahinang bahagi ng pananaliksik ito ay may kabuuang weighted mean na 3.923 “May Kakayahan” na deskrisyon.

Ang dahon ng pagpapatibay, maayos na nakatala ang mga sangkot sa pagpapatibay ng pag-aaral at organisasyon ng mga pagkakasulat ng mga pangaalan ng mga sangkot sa pagpapatibay ng pag-aaral na parehong may weighted mean na 3.9. Batay sa deskripsyon ang mga guro ay kailangan pa nilang mahasa ang kanilang kakayahan sa mga bahaging ito.

Talaan ng mga Guro sa Pananaliksik ayon sa Pauna at Karagdagang Pahina

Pauna at Karagdagang Pahina	MEAN	DESKRIPSYON
Dahon ng pagpapatibay		
Maayos na nakatala ang mga sangkot sa pagpapatibay ng pag-aaral.	3.900	K
Organisasyon ng mga pagkakasulat ng mga pangaalan ng mga sangkot sa pagpapatibay ng pag-aaral	3.900	K
Composite mean	3.900	K
Pasasalamat o pagkilala		
Paggamit ng angkop na salita sa pagbibigay ng pasasalamat	3.950	K
Organisasyon ng mga pagbibigyan ng pasasalamat	4.030	K
Composite mean	3.990	K
Talaan ng nilalaman		
Binabalangkas ang mga bahagi at nilalaman ng pananaliksik	3.950	K
Nakatala ang kaukulang bilang ng pahina kung saan matatagpuan ang bawat isa	4.030	K
Composite mean	3.990	K
Talaan ng talahanayan at pigura		
Nakatala ang pamagat ng bawat talahanayan/pigura na nasa loob ng pananaliksik	3.950	K
Bilang ng pahina kung saan matatagpuan ang bawat talahanayan/pigura.	3.980	K
Composite mean	3.970	K
Abstrak		
Maliwanag na nagsasaad ng pokus ng pananaliksik	3.900	K
Pagbubuod ng mga ginamit na pamamaraan ng pananaliksik	3.880	K
Binabalangkas ang mga resulta at talakayan ng pag-aaral	3.830	K
Pagbubuod ng kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral	3.850	K
Gamit ang pormat ng abstrak	3.750	K
Composite mean	3.840	K
Talasanggunian		
Presentasyon/pormat ng talasanggunian	3.850	K
Paggamit sa mga kagamitang at bagong materyales na maaaring gamitin	3.830	K
Composite mean	3.840	K
Kabuuan Composite Mean		3.923
K		

*Batayan:	4.21 – 5.00	Mataas ang Kakayahan (MK)
	3.41 – 4.20	May Kakayahan (K)
	2.61 – 3.40	Katamtamang Kakayahan (KK)
	1.81 – 2.60	Hindi Gaanong Kakayahan (HK)
	1.00 – 1.80	Walang Kakayahan (WK)

Ang pahina ng pasasalamat o pagkilala, paggamit ng angkop na salita sa pagbibigay ng pasasalamat may weighted mean na 3.95 at organisasyon ng mga pagbibigyan ng pasasalamat na may weighted mean na 4.03 kung saan ay may parehong deskripsyon “May Kakayahan”. Habang ang talaan ng nilalaman, binabalangkas ang mga bahagi at nilalaman ng pananaliksik at nakatala ang kaukulang bilang ng pahina kung saan matatagpuan ang bawat isa may mga weighted mean na 3.95 at 4.03 na may deskripsyon “May kakayahan”. Nakatala ang pamagat ng bawat talahanayan/pigura na nasa loob ng pananaliksik nakuha ng 3.95 at Bilang ng pahina kung saan matatagpuan ang bawat talahanayan/pigura 3.98 na weighted mean na may deskripsyon na ‘May Kakayahan’.

Ang mga kalahok na guro ay “May Kakayahan” sa pagsulat ng abstrak. Maliwanag na nagsasaad ng pokus ng pananaliksik, pagbubuod ng mga ginamit na pamamaraan ng pananaliksik, pagbubuod ng kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral, binabalangkas ang mga resulta at talakayan ng pag-aaral, at gamit ang pormat ng abstrak. ang mga ito ay nakakuha ng weighted mean na 3.9, 3.88, 3.85, 3.83, at 3.75 ayon sa pagkakasunod-sunod.

Ang pagsulat ng abstrak ay nangangahulugan ng pagkuha at pagbubuod ng pag-aaral (Alexandrov at Hennerici, 2007). Kaya’t kailangan ng kaalaman ng pagsulat ng abstrak dahil ito ang kadalasang binabasa upang madaling maintindihan at malaman ang punto ng pananaliksik.

Sa mga sanggunian, ang mga kalahok sa pag-aaral sila ay may “May Kakayahan” sa presentasyon / pormat ng mga sanggunian at paggamit sa mga kagamitang at bagong materyales na maaaring gamitin ngunit ayon kay Formeloza at Pateña (2013) kailangan pag-aralan at maging pamilyar sa paggamit ng Estilo ng APA ang mga guro.

Kasapatan ng mga Kagamitan at Materyal

Makikita sa Talahanayan 4 ang kasapatan ng mga kagamitan at materyal. Ang talahanayan ay may kabuoang weighted mean na 3.45 may deskripsyon “Nasiyahan”. Ibig sabihin hindi sapat ang mga kagamitan at materyal na kinakailangan ng mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ayon sa pag-aaral nina Lawanson at Gede (2011) dapat tiyakin ng pamahalaan na ang lahat ng mga pasilidad na pang-edukasyon tulad ng mga gusali ng paaralan at mga akademikong pasilidad na may pangkalahatang layunin ay dapat na iibigay.

Ang yunit ng kompyuter para sa layuning pananaliksik ay may pinakamataas na weighted mean na 4.55 may deskripsyong ‘Lubos na Nasiyahan’. Mapapansin na mayroong kasapatang kagamitang kompyuter ang mga guro na magagamit sa kanilang pananaliksi at nakasaad sa D.O no. 78 s.2010³⁶ na nilalayan ng DCP na magbigay sa mga pampublikong paaralan ng mga naaangkop na teknolohiya na magpapahusay sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto at makatugon sa mga hamon ng ika-21 siglo. Ang programang ito ay tutugon sa *computer backlog* ng mga pampublikong paaralan sa pamamagitan ng

pagbibigay sa kanila ng hardware at software, at pagsasanay na may kaugnayan dito. Ipinapakita lamang na walang kakulangan sa yunit ng kompyuter sa pananaliksik ng mga guro.

Talahanayan 4. Kasapatan ng mga Kagamitan at Materyal

Kasapatan ng mga kagamitan at material	MEAN	DESKRIPSYON	RANGGO
Yunit ng kompyuter para sa layuning pananaliksik	4.550	LS	1
Dyornals, aklat atbp. na magsisilbing sanggunian	3.425	S	6
Naka-install na mga e-journal	3.550	S	3.5
Lugar sa pagsasanay	3.450	S	5
Pagsasanay para sa pananaliksik	3.550	S	3.5
Internet access	3.650	S	2
Laboratoryo para sa mga experimental na pananaliksik	3.125	DS	12
Serbisyo ng statistician, taga-editor at referee/reader	3.250	DS	8
Serbisyo sa konsultasyon	3.400	DS	7
Badyet para sa publikasyon ng pananaliksik	3.150	DS	10.5
Badyet para sa pagsulat ng pananaliksik	3.150	DS	10.5
Badyet para sa seminar at palihan sa pananaliksik	3.175	DS	9
Kabuuan Composite Mean	3.450	S	
<i>*Batayan:</i>	4.21 – 5.00	Lubos na Nasiyahan (LS)	
	3.41 – 4.20	Nasiyahan (S)	
	2.61 – 3.40	Di gaanong Nasiyahan (DS)	
	1.81 – 2.60	Hindi Nasiyahan (HS)	
	1.00 – 1.80	Lubos na hindi Nasiyahan (LS)	

Sinundan ito ng internet access na may weighted mean na 3.65 na may deskripsyon na “Nasiyahan” ang mga guro. May mga suliranin na kinakaharap ang mga guro sa pag-access ng internet. Ang internet ay isang malaking kompyuter network na nag-uugnay ng milyun-milyong mas maliliit na kompyuter sa maraming mga site sa iba’t ibang bansang kinabibilangan libu-libong negosyo, pamahalaan, pananaliksik, pang-edukasyon at iba pang organisasyon (Jibrin, Musa at Shittu, 2017). Naniniwala sina Amaoge at Igwebuike (2016) na ang internet ay lalong nagiging *invariable asset* sa edukasyon sa mga tuntunin ng pag-aaral, pagtuturo at pananaliksik. Ngunit dahil sa mabagal na koneksyon ng internet ito ay nagiging isa sa mga dahilan kaya’t nahihirapan ang mga guro maghanap ng mga kinakailagan sa kanilang isinasagawang mga pag-aaral.

Ang mga naka-install at pagsasanay para sa pananaliksik ay may parehong weighted mean 3.55 na may deskripsyon na “Nasiyahan”. Habang ang lugar para sa pagsasanay sa pananaliksik ay nakakuha ng weighted mean na 3.425 at ang pagkakaroon ng dyornals, aklat atbp. Na magsisilbing sanggunian na may weighted mean 3.425 na may deskripsyon na “Nasiyahan”. Ibig sabihin hindi sapat ang mga sanggunian at pagsasanay ng mga guro upang makabuo ng isang pananaliksik. Ang pagkakaroon ng mga installed e-

journal ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na subaybayan ang mga ito sa paglipas ng panahon para sa isang publikasyon o mananaliksik (Zienteket.al,2018). Ayon kay Villan (2021) isa sa mga katangian ng dyornal ay upang palawigin ang rebyu sa mga aklat na mayroong elaborasyon sa puntong nais na bibigyang diin. Ngunit ayon kay Bharathi (2013) limitado ang eksposyur ng mga artikulong nasa wikang Filipino sa social media dahil kalimitan sa mga ito ay hindi nagtataglay ng Digital Object Identifier (DOI) o permanenteng kodigo na nagiging pagkakakilanlan ng isang limbag na pag-aaral. Dahil sa wala nga itong DOI number, hindi maitatanghal ang mga artikulo sa mga pinakamalaking database ng siyentipikong dyornal.

Iminumungkahi ng mga guro sa hinaharap na ang mga programa sa pagsasanay ng guro ay dapat baguhin at isama ang pananaliksik na pang-edukasyon (Murillo Torrecilla at Perines Véliz, 2017). Hindi sapat na alam lang nga mga guro ang pananaliksik dapat ito ay nagkakaroon ng iba't ibang aktuwal na paggawa. Naniniwala si Levy at Petrulis (2012) ang mga gawain sa pananaliksik na pang-edukasyon ay nakakatulong na mapaunlad ang kanilang tiwala sa sarili sa kung paano isinasagawa ang pananaliksik. ngunit hindi sapat ang mga pagsasanay at lugar ng pagsasanay para sa mga pananaliksik nasa wikang Filipino.

Ang serbisyo sa konsultasyon, statistician, taga-editor at referee/reader, badyet para sa publikasyon at pagsulat ng pananaliksik, at laboratory para sa mga experimental na pananaliksik ay nakakuha ng deskripsyon na "Di gaanong nasiyahan" ang mga guro, batay ito sa weighted mean na 3.4, 3.25, 3.15, 3.15, at 3.125 ayon sa pagkasunod-sunod. Ito ay nagpapahiwatig lamang na hindi sapat ang serbisyo at badyet ng mga kalahok sa proseso ng pananaliksik lalo na sa paunang proseso sa anyo ng konsultasyon hanggang sa pagbabalangkas ng pananaliksik. Kahit na ito ay mahalagang magkaroon ng mga mambabasa / referees at editor upang ang mga papel ay masuri nang mabuti at maisaayos ng mabuti.

Ang Seksyon 10 ng Artikulo XIV ng nasabing konstitusyon ay nagtatakda na ang estado ay dapat magbigay ng prioridad sa pananaliksik at pagpapaunlad, imbensyon, pagbabago at paggamit ng mga ito at ang agham at teknolohiya, pagsasanay, at mga serbisyo (Official Gazette, 2015). Ibig sabihin ang mga paaralan ay kailangang magbigay supporta sa pangangailangan pananaliksik ng mga guro dahil isa ito sa mga prioridad ng pamahalaan. Ayon din kay Alrahlah (2016) ang kakulangan ng sapat na pasilidad ng pananaliksik ay isa sa mga hadlang sa pagsasagawa ng pananaliksik. ang pagkakaroon ng sapat at kaaya-ayang na pasilidad ay naghahantong sa isang matagumpay na pagsasagawa ng pananaliksik.

Pangangailangan ng mga Guro sa Senior High School Upang Matamo ang Kompetensi sa Pananaliksik sa Filipino

Ang pangangailangan ng mga guro ay isa mga hamon upang matamo ang inaasahang kompetensi sa pananalisk sa Filipino. Upang matugunan ang pangangailangang ito ng mga guro sa pananaliksik sa Filipino ang pagtuklas ng iba't ibang mga kaalaman at mga bagay na nagsisilbing puhunan nito sa paggawa ng makabuluhang pananaliksik ay kailangang mabigyan pansin o kaya ay matugunan sa kasalukuyan. Upang mas mahasa ang kakayahan nito sa pagsulat ng pananaliksik. Ang mga sumusunod ay ang mga naging tugon ng mga guro upang mas mapatibay ang kakayahan ng bawat isa sa pagsasagawa ng pananaliksik sa Wikang Filipino.

“Pagsasagawa ng mga Palihan sa mga Guro na nasa SHS upang mas mapalawak at madagdagan ang kalaman hinggil sa papel pananaliksik”

“upang matamo ang kompetensi sa pananaliksik, kailangan magkaroon ng dagdag na seminar/pagtuturo tungkol dito.”

“ang mga guro sa pananaliksik ay nangangailangan ng lubos na suporta sa paaralan at lipunan upang maging matagumpay sa pananaliksik. Kinakailangan din ang mga seminar worksyap na magbibigay ng karagdagang ideya upang mas maging maging mabisa ang gagawing pananaliksik.”

“Magkaroon ng school based, district, at Dibisyon na pagpupulong (seminar workshop) sa paggawa ng isang pananaliksik”.

Ayon sa pag-aaral nina Formeloza at Pateña (2013) ang kagawaran ay dapat magbigay ng higit na badyet upang suportahan ang mga aktibidad sa pananaliksik tulad ng mga pagsasanay at mga palihan sa kakayahan sa pananaliksik, mga e-journal, at mga materyales/sanggunian sa pagsasaliksik, at mga pasilidad sa laboratoryo para sa gawaing pang-eksperimento. Nabanggit nina Sia at Macaldao (2020) na ang pangangailangan na maipagpatuloy ang pagsasanay upang mapanatili, itaas at magpabago ng mga kakayahan sa buong buhay ng paggawa. Naniniwala si Caliwan-Fuentes (2017) na ang mga kakayahan sa pagsasaliksik ay kailangan ng mga kasanayan at karanasan upang makapagsaliksik. Ang ganitong mga kasanayan ay maaaring binuo o pinahusay sa pamamagitan ng pag-aaral, mga seminar at mga katulad na aktibidad na dinaluhan. Kaya't ang pagkakaroon ng mga palihan o seminar sa pananaliksik lalo na kung ang binibigyan pansin ay pananaliksik sa wikang Filipino ito ay malaking tulong upang makamantan ng isang guro na makabuo at mapataas ang kanyang kakayahan sa pananaliksik.

Karagdagang pa rito ang pagkakaroon ng mga pagkukunan ng mga kagamitan at sanggunian sa pananaliksik sa Filipino ang siyang maaaring magamit nila sa pagbuo ng pananaliksik. Nabanggit ng mga kalahok ng pag-aaral na *“Mga sanggunian sa pananaliksik ng mga mag-aaral tulad ng mga aklat, published at unpublished researches, etc.”* at *“Karagdagang references para sa mga kaugnay na pag aaral at literatura”*.

Isa sa mga suliraning kinahakaharap ng mga gurong mananaliksik sa wikang Filipino nahihirapan silang makahanap ng mga pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino na maaaring magamit bilang batayan ng kanilang isinasagawang pag-aaral. Dahil sa kakulangan ng mga dyornal na tumatanggap ng pananaliksik sa wikang Filipino nabanggit nga sa pag-aaral nina Demeterio at Felicilda (2015) sa libo-libong nakalista sa isang database iisang journal lamang ang tumatanggap ng mga artikulong nakasulat sa wikang Filipino. Ayon din kay Almario (2016) malaki ang pangangailangan sa pagtatanghal sa wikang Filipino bilang wika ng kaarungan sa pamamgitan ng paggamit nito sa pananaliksik. Bunga ito ng sumusunod na katotohanan na karamihan ng mga saliksik ngayon sa Pilipinas ay nasa Inges, mahina ang mga alagad ng Filipino, lalo na ang mga guro, sa siyentipikong pananaliksik.

TALAKAY

Ang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga guro sa Senior High School ay may "May Kakayahan" sa teknikal na aspeto ng pananaliksik, kabilang ang pagsunod sa pormat, komunikasyon sa pagsulat, at pangangalap ng datos. Ito ay nagpapahiwatig na may sapat na kaalaman ang mga guro ngunit may pangangailangan pa rin ng karagdagang pagsasanay upang lalong mapabuti ang kanilang kasanayan sa paggawa ng pananaliksik. Ang resulta ay naaayon sa pag-aaral ni Anub (2020) na nagpapakita ng mataas na kakayahan ng mga guro sa pormat ng pananaliksik, subalit, gaya ng napag-alaman nina Formeloza at Pateña (2013), may ilang guro na nahihirapan sa paggamit ng bagong pormat tulad ng APA style, na nagiging hadlang sa maayos na organisasyon ng pananaliksik.

Sa bahagi ng pagsulat at pagbuo ng mga bahagi ng pananaliksik, nakitaan din ng "May Kakayahan" ang mga guro sa pagkuha ng kaugnay na literatura, pagbuo ng metodolohiya, at interpretasyon ng datos. Gayunpaman, may bahagyang kahinaan sa pag-uugnay ng mga resulta sa mga kaugnay na literatura, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas malalim na pagsasanay sa kritikal na pagsusuri ng mga literatura at tamang pag-uugnay nito sa mga resulta ng pananaliksik. Tinutugunan nito ang hamon na inilahad ni Toquero (2020) kung saan nahihirapan ang mga guro sa pagbubuo ng rebyu ng literatura at konseptwalisasyon, lalo na sa wikang Filipino na may limitadong mga sanggunian at eksposyur (Tugano, 2021).

Bagamat may kakayahan ang mga guro sa pagsulat ng iba pang bahagi ng pananaliksik tulad ng abstrak, pasasalamat, at talaan ng nilalaman, ipinakita ng datos na may pangangailangan pa rin sa pagpapahusay sa organisasyon at pormal na presentasyon ng mga bahagi ng pananaliksik. Mahalaga ang mga bahaging ito sapagkat ito ang

nagbibigay ng kumpletong larawan ng buong pananaliksik (Alexandrov & Hennerici, 2007).

Isa sa mga pangunahing suliranin na lumitaw ay ang kakulangan ng kasapatan ng mga kagamitan at materyales, tulad ng mga dyornal, lugar ng pagsasanay, at serbisyo tulad ng konsultasyon at pag-edit. Bagamat nasiyahan ang mga guro sa pagkakaroon ng mga kompyuter at internet access, hindi sapat ang suporta sa iba pang mga pangangailangan, na nagiging hadlang sa mas epektibong pagsasagawa ng pananaliksik. Ayon kay Alrahlah (2016), ang kakulangan sa pasilidad ay isa sa mga pangunahing hadlang sa matagumpay na pananaliksik. Ito rin ay nakasaad sa Seksyon 10 ng Artikulo XIV ng Saligang Batas ng Pilipinas na nagsasaad ng priyoridad ng estado sa pananaliksik at pagsasanay (Official Gazette, 2015).

Sa kabuuan, ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na bagamat may matibay na pundasyon ang mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik, kailangan pa rin nilang suportahan ng sapat na kagamitan, mga sistematikong pagsasanay, at konsultasyon upang mapalalim ang kanilang kaalaman at mapataas ang kalidad ng kanilang mga gawaing pananaliksik. Ang mga rekomendasyong ito ay mahalaga upang mapalakas ang kakayahan ng mga guro, na siyang magiging daan para sa mas epektibong pagtuturo at mas mataas na antas ng pananaliksik sa Filipino.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa nalikom na datos, natuklasan ang mga sumusunod: Ang Lebel ng kompetensi ng mga guro sa pananaliksik ayon sa Aspektong Teknikal, Bahagi ng Pananaliksik, at Pauna at mga Karagdagang Pahina ang mga gurong kalahok ay may kakayahan. Ang mga kalahok ay nasisiyahan sa kasapatan ng mga kagamitan at material sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ang pagkakaroon ng mga palihan at seminar para sa pananaliksik sa mga guro at mga karagdagang mga kagamitan at sanggunian na magagamit sa pananaliksik sa wikang Filipino ay ang mga pangangailangan ng mga guro sa Senior High School upang matamo ang kompetensi sa pananaliksik sa Filipino.

Inirerekomenda ang sumusunod: Magsagawa ng mga palihan at seminars para sa mga guro sa pananaliksik na bibigyan pansin ang pangangailangang pananaliksik sa wikang Filipino sa mas lalong ikalilintang ng kaalaman sa aspektong teknikal, bahagi ng pananaliksik, at pauna at mga karagdagang pahina ang mga gurong sa pananaliksik. Pagtuunang-pansin ng DepEd at CHED ang higit na pangangailangan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga pananaliksik. Lalo pang pag-ibayuhin ang pagbibigay insentibo at parangal sa mga guro upang mas lalo pang ganahang magsulat at magsaliksik ang mga guro.

IMPLIKASYON

Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na mahalagang bigyan ng mas maraming pagsasanay at suporta ang mga guro sa Senior High School upang lalo nilang mapahusay ang kanilang kakayahan sa teknikal na aspeto ng pananaliksik, lalo na sa mga bagong pormat tulad ng APA style. Ito ay makatutulong upang mas maging epektibo ang kanilang pagtuturo at ang kalidad ng mga pananaliksik na kanilang ginagawa o nilalahukan. Bukod dito, ang mga paaralan at mga tagapamahala ng edukasyon ay maaaring magpatupad ng mga programa, palihan at seminars na tutugon sa mga natukoy na kakulangan, upang maangat ang antas ng pananaliksik sa kabuuan. Sa huli, ang mas mataas na antas ng kasanayan sa pananaliksik ay magdudulot ng mas malalim at mas maayos na pag-aaral, na makakaapekto sa pag-unlad ng edukasyon at ng mga mag-aaral.

ACKNOWLEDGEMENT

Nais iparating ng mga mananaliksik ang kanilang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng sumuporta, nagbigay ng pag-asa, at nagbigay halaga sa kanilang mga pagsisikap sa buong pag-aaral na ito.

FUNDING

Ang pananaliksik ay isinagawa nang walang natanggap na pinansyal na suporta mula sa anumang organisasyon o institusyon.

DECLARATIONS

Conflict of Interest

Ipinahahayag na ang mga isinमितeng papel-pananaliksik ay sariling gawa ng may-akda, at sa abot ng kaalaman nito, hindi ito naglalaman o naisulat ng iba, maging ang mga materyal na ginamit ay hindi hango sa malawakang sakop na tinanggap upang igawad ang paglathala nito, maliban sa mga sanggunian at pagkilalang nakasaad sa papel na ito. Anumang kontribusyong naibigay sa pananaliksik mula sa iba, kasamahan man o hindi, ay hayagang kinilala sa papel. Ipinahahayag din na ang intelektwal na nilalaman ng pananaliksik ay bunga ng sariling gawa ng may-akda, maliban sa mga tulong mula sa iba na kinilala sa papel na ito.

Informed Consent

Hindi ito naglalaman ng sensitibong datos tulad ng pribadong impormasyon, panayam, o iba pang datos na maaaring makaapekto sa isang indibidwal.

Ethics Approval

Ang papel na ito ay sumunod sa wastong etikal na pamantayan. Hindi ito naglalaman ng pribadong impormasyon, mga direktang interbyu, o anumang datos na maaaring makasira sa reputasyon ng isang indibidwal.

TALANGGUNIAN

- Abu-Rumman, A. A., & Alheet, A. F. (2019). The role of researcher competencies in delivering successful research. *Information and Knowledge Management*, 9(1), 29–32. <https://doi.org/10.7176/IKM/9-1-0>
- Aghaie A. (2006). *Recognition of Personal and Professional Features of Future Teachers*. Tehran: Shahed University.
- Albalawi, A., & Johnson, L. N. (2022). Action research skills among public-school teachers: A cross-cultural. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1346963.pdf>
- Alexandrov, A. V., & Hennerici, M. G. (2007). Writing good abstracts. *Cerebrovascular Diseases*, 23(4), 256-259.
- Almario, V. S. (2016). *Introduksyon sa Saliksik*. Komisyon sa Wikang Filipino. Setyembre 6, 2016. <http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2015/12/intro-sa-Saliksik.pdf>
- Alrahlah, A. A. (2016). The impact of motivational factors on research productivity of dental faculty members: A qualitative study. *Journal of Taibah University Medical Sciences*, 11(5), 448-455.
- Amaoge, A. D., & Igwebuike, E. U. (2016). Assessment of internet awareness and use by the undergraduate students of college of agricultural and science education in Michael Okpara University of Agriculture Umudike. *American Journal of Educational Research*, 4(2), 200-203.
- Anub, C. D. (2020). Senior High School Teachers' Research Competence and Satisfaction with Facilities and Resources. *International Journal of English Language Studies*, 2(3), 08-24.
- Anyanwu, R. N. & Jules, R. (2022). Doing action research: The experience of teachers in Seychelles. *East African Journal of Education Studies*, 5(1), 14-25. <https://doi.org/10.37284/eajes.5.1.528>
- Begunova, M., & Qingyu, X. (2021). Developing Research Competence of Teachers as a Way of Increasing Competitiveness of HEIs in Kazakhstan.
- Bharathi, D. G. (2013). Methods employed in the "Web of Science" and "Scopus" databases to effect changes in the ranking of the journals. *Current Science*, 300-308.
- Bueno, D. C. (2016). *Practical Quantitative research writing (For Senior High School)*. Books Atbp. Publishing.
- Bullo, M. M., Labastida, R. T. & Manlapas, C. C. (2021). Challenges and difficulties encountered by teachers in the conduct of educational research: Basis for teachers' enhancement program. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(13), 67-75. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a044>
- Caliwan-Fuentes, H. (2017). *Research Competency of Teacher Education Students in Eastern Samar State University Main Campus*.

- Caliwan-Fuentes, H. (2019). *Research competency of teacher education students in Eastern Samar State University Main Campus*. <http://uruae.org/DIR0117524.pdf>
- Catalan, N. P. (2018). UST teacher's attitudes towards research. *UST Journal of Graduate Research*, 25(1), 29–48.
- Demeterio III, F. P. A., & Felicilda, J. M. B. (2015). Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko. *Malay*, 28, 11-25.
- Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 13, s. 2015: Establishment of a Policy Development Process at the Department of Education*. DepEd. <https://bit.ly/2y5nPB4>
- Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 43, s. 2015: Revised Guidelines for the Basic Research Fund*. DepEd. <https://bit.ly/39WuBXo>
- Department of Education. (2016). *DepEd Order No. 39, s. 2016: Adoption of Basic Education Research Agenda*. DepEd. <https://bit.ly/2RHoG2b>
- Department of Education. (2016). *DepEd Order No. 4, s. 2016: Amendment to DepEd No. 43, s. 2015: Revised Guidelines for the Basic Research Fund*. DepEd. <https://bit.ly/3eeBo22>
- Department of Education. (2017). *DepEd Order No. 16, s. 2017: Research Management Guidelines*. DepEd. <https://bit.ly/3aWfoH6>
- Department of Education. (2019). *DepEd Order No. 43 Series of 2013*. Retrieved January 2019 from <http://www.deped.gov.ph>
- DepEd Order No. 78, s. 2010. *Guidelines on the Implementation of the DepEd Computerization Program (DCP) Resources*. Retrieved from <http://www.deped.gov.ph/2010/06/10/do-78-s-2010-guidelines-on-the-implementation-of-the-deped-computerization-program-dcp>
- Dunn, M., Harrison, L. J., & Coombe, K. (2008). In good hands: Preparing research-skilled graduates for the early childhood profession. *Teaching and Teacher Education*, 24(3), 703-714.
- Economic and Social Research Council. (2014). *Strategic plan 2009–2014*. <http://www.esrc.ac.uk/news-and-events/publications/strategic-plan/index.aspx>
- Enerio, A. Jr. T. (2020). Master teachers' challenges in doing action research: A case study. *Universal Journal of Educational Research*, 8(7), 2990-2995. <https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080727>
- Espiritu, C. (2006). *Guro: Mula Tsok Hanggang Internet*. Pambansang Samahan sa Lingguwistikang Filipino.
- Feyisa, M. B., Feyisa, A. B., Moreda, A. K. & Hailu, Y. (2022). The practices and challenges of conducting action research in some selected secondary schools of Bale Zone, Oromia, Ethiopia. *Educational Action Research*, online first. <https://doi.org/10.1080/09650792.2021.1997778>
- Formeloza, R., & Pateña, A. D. (2013). Research capability of the maritime faculty members and senior students in Lyceum international maritime academy. *International Journal of Physical and Social Sciences*, 3(9), 275.
- Gazette, O. (2015). *The 1987 constitution of the republic of the Philippines-Article XIV*. Retrieved on November 30, 2016.
- Gómez, M., & Panaligan, C. (2013). Level of research competencies and satisfaction of the faculty members from the college of criminology. *ASian Academic Research Journal of Social Science and Humanities*, 1(14), 39-55.

- Howes, J. (2018). Use Clear and Simple Language. <https://federation.edu.au/staff/business-and-communication/communication-guidelines/writing-toolkit/use-clear-and-simple-language>. Retrieved July 06, 2022.
- Ivanenko, N., Mustafina, G., Sagitova, V., Akhmetzyanov, I., Khazratova, F., Salakhova, I. & Mokeyeva, E. (2015). Basic Components of Developing Teachers' Research Competence as a Condition to Improve their Competitiveness. *Review of European Studies*, 7(4). <http://dx.doi.org/10.5539/res.v7n4p221>
- Jibrin, M. A., Musa, M. N., & Shittu, T. (2017). Effects of internet on the academic performance of tertiary institutions' students in Niger State, Nigeria. *International Journal of Education, Learning and Training*, 2(2), 57-69.
- Katz, J. (2015). A theory of qualitative methodology: The social system of analytic fieldwork. *Méthod (e) s: African Review of Social Sciences Methodology*, 1(1-2), 131-146.
- Kemmis, S. (2010). What is to be done? The place of action research. *Educational Action Research*, 18(4), 417-427. <https://doi.org/10.1080/09650792.2010.524745>
- Kerlinger, F. N. (1973). *Review of research in education*.
- Lawanson, O. A., & Gede, N. T. (2011). Provision and management of school facilities for the implementation of UBE programme. *Journal of Educational and Social Research*, 1(4), 47-47.
- Levy, P., & Petrusis, R. (2012). How do first-year university students experience inquiry and research, and what are the implications for the practice of inquiry-based learning? *Studies in Higher Education*, 37(1), 85-101. <https://doi.org/10.1080/03075079.2010.499166>
- Marbella, F. (2021). Balidasyon ng Gabay-Saliksik sa Pagsulat ng Riserts sa Filipino. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(1), 26-37.
- Martínez-Mesa, J., González-Chica, D. A., Duquia, R. P., Bonamigo, R. R., & Bastos, J. L. (2016). Sampling: how to select participants in my research study?. *Anais brasileiros de dermatologia*, 91, 326-330.
- Mendez, L. & Delgado, T. (2010). Scientific Competence for Elementary School Teachers. *EDULEARN10 Proceedings*, 1821-1829. <https://library.iated.org/view/MENDEZ2010SCI>
- Murillo Torrecilla, F. J., & Perines Véliz, H. A. (2017). Cómo los docentes no universitarios perciben la investigación educativa. *Revista Complutense de Educación*.
- OBIKAS Team. (2020, October 24). The Importance of Communication Skills in Research. *Obikas.Com*. Retrieved May 16, 2022, from <https://obikas.com/the-importance-of-communication-skills-in-research/>
- Oden, C. (n.d.). How to Write Conclusions and Recommendations in a Research Paper. *Projecttopics.Org*. Retrieved May 18, 2022, from <https://www.projecttopics.org/how-to-write-conclusions-and-recommendations-in-a-research-paper.html>
- Osamwonyi, E. F. (2016). In-Service Education of Teachers: Overview, Problems and the Way Forward. *Journal of Education and Practice*, 7(26), 83-87.
- Perfecto, M. R. G. (2010). *Research Writing*. Anvil Publishing Incorporated, Pasig City, Philippines.
- Radhakrishna, R. B. (2007). Tips for developing and testing questionnaires/instruments. *Journal of Extension*, 45(1), 1TOT2.
- Republic Act 9155. (2001). The Governance of Basic Education Act of 2001

- Santos, L. R., & Cruz, A. B. (2022). The role of mentorship in fostering research competence among Filipino educators. *Journal of Philippine Education*, 38(4), 289-305.
- Sarkar, M. (2014). Challenges in conducting educational research: The case of a developing country. In *Contemporary approaches to Research in Mathematics, Science, Health and Environmental Education 2014*. Melbourne: Deakin University. <https://research.monash.edu/en/publications/challenges-in-conducting-educational-research-the-case-of-a-developing-country>
- Sia, A. M., & Macaldao, M. T. E. (2020). Kasanayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik sa Senior High School.
- Subasini, M., & Kokilavani, B. (2013). Significance of grammar in technical English. *International Journal of English Literature and Culture*, 1(3), 56-58.
- Toquero, C. M. D. (2020). “Real-world”: preservice teachers' research competence and research difficulties in action research. *Journal of Applied Research in Higher Education*.
- Tugano, A. C. (2021). Pagtatampok sa Akademikong Rebyu ng mga Aklat ng Saliksik E-Journal: Mga Daloy at Tunguhin sa Talastasang Pilipino.
- Ulla, M. B. (2017). Teacher Training in Myanmar: Teachers' Perceptions and Implications. *International Journal of Instruction*, 10(2), 103-118.
- Ulla, M. B. (2018). Benefits and challenges of doing research: Experiences from Philippine public school teachers. *Issues in Educational Research*, 28(3), 797-810.
- Ulla, M. B. (2018). Benefits and challenges of doing research: Experiences from Philippine public school teachers. *Issues in Educational Research*, 28(3), 797-810. <http://www.iier.org.au/iier28/ulla.pdf>
- Van den Berg, R. (2002). Teachers' meanings regarding educational practice. *Review of Educational Research*, 72(4), 577-625. <https://doi.org/10.3102/00346543072004577>
- Villan, V. (2021). Panayam kay Vicente Villan ni Axle Christien Tugano. E-mail, Marso 21.
- Wangdi, T. & Tharchen, N. (2021). Bhutanese school teachers' perceptions, challenges and perceived benefits in doing research. *Issues in Educational Research*, 31(3), 990-1005. <http://www.iier.org.au/iier31/wangdi.pdf>
- Whitman, G., & Kelleher, I. (2017). *Teachers Are Researchers* Spring. Retrieved from <https://www.TeachersAreResearchers.org/magazine/independent-school/spring-2017/teachers-are-researchers/#:~:text=Teachers%20are%20researchers>
- Zientek, L. R., Werner, J. M., Campuzano, M. V., & Nimon, K. (2018). The use of Google Scholar for research and research dissemination. *New Horizons in Adult Education and Human Resource Development*, 30(1), 39-46.

Author's Biography

Si **John Emil D. Estera, PhD** ay isang guro sa Juban National High School, partikular sa Senior High School Department. Nagtapos siya ng Bachelor of Education major in Filipino sa St. Louise de Marillac College of Sorsogon. Pinagtibay pa ang kanyang karunungan nang magtamo siya ng Master of Education major in Filipino sa Sorsogon State University, at nakapagtapos ng Doctor of Philosophy major in Filipino sa parehong institusyon.

Si **Felisa Doctama-Marbella, PhD**, ay isang Associate Professor V sa Sorsogon State University – School of Graduate Studies, Sorsogon City Campus. Natamo niya ang Doctor of Philosophy in Filipino sa Bicol University, kung saan nagtapos din siya ng Master of Arts in Education, major sa Filipino, at Bachelor of Arts in Education. Sa kanyang mga pananaliksik, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng wika at pagbasa sa pag-unlad ng edukasyon sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, siya ay aktibong kalahok sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapayaman ng kulturang Filipino sa pamamagitan ng pagtuturo at pananaliksik.